

May karapatan kang humiling ng pag-amyenda sa iyong impormasyong pangkalusugan sa ilalim ng pederal na batas. Ang ibig sabihin nito ay kung may makita ka sa iyong mga medikal na rekord na pinaniniwalaan mong hindi tumpak o hindi kompleto, puwede kang humiling na magdagdag ng bagong impormasyong magtatama o kokompleto sa rekord.

Ano ang aasahan kung hihiling ka ng pag-amyenda sa iyong impormasyong pangkalusugan:

- Hihilingin sa iyo na sagutan at lagdaan ang nakalakip na form ng kahilingan, at magbigay ng partikular at detalyadong impormasyong itatama. Isumite ang iyong kahilingan sa:
PeaceHealth
Health Information Management, Dept #336
1115 SE 164th Ave
Vancouver WA 98683-9324
FAX: 541-242-8046
- Susuriin ng aming tauhan ang iyong mga rekord at posible silang kumonsulta sa doktor mo at iba pang nauugnay sa iyong pangangalaga at paggamot.
- Makakatanggap ka ng sagot mula sa amin sa loob ng 10 araw sa Washington at 60 araw sa Oregon o Alaska.

Kung maaaprubahan ang iyong kahilingan, gagawin namin ang sumusunod:

- Ipapaalam ito sa iyo sa pamamagitan ng pagsulat.
- Isasama ang pag-amyenda sa lahat ng paglalabas sa hinaharap ng iyong impormasyong pangkalusugan sa mga awtorisadong indibidwal at organisasyon tulad ng mga provider ng pangangalagang pangkalusugan, pasilidad para sa pangangalagang pangkalusugan, at kompanya ng insurance.
- Ipapaalam ito sa mga indibidwal at/o organisasyon, kung kanino/saan namin inilabas ang naamyendang impormasyon sa nakaraan. Tatanungin din namin kung gusto mong ipaalam namin ito sa sinumang iba pa.

Puwede naming tanggihan ang kahilingan mo para sa alinman sa mga sumusunod na dahilan:

- Napag-alaman naming tumpak at kompleto ang dokumentasyon.
- Hindi ginawa ng PeaceHealth at hindi maaamyenda ng PeaceHealth ang impormasyong hinihiling mong amyendahin.
- Hindi itinuturing na bahagi ng “itinalagang hanay ng rekord” (impormasyong ginagamit para gumawa ng mga desisyon tungkol sa iyong pangangalaga, paggamot, o pagbabayad para sa iyong pangangalaga at paggamot) ang impormasyong hinihiling mong amyendahin.
- Hindi karaniwang available para sa pag-inspeksyon mo ang impormasyong hinihiling mong amyendahin ayon sa batas.

Kung tinanggihan ang iyong kahilingan:

- Ipapadala namin ang kahilingan sa pag-amyenda at aming pagtangga sa anumang paglalabas sa hinaharap ng iyong impormasyong pangkalusugan sa mga awtorisadong indibidwal at organisasyon tulad ng mga provider ng pangangalagang pangkalusugan, pasilidad para sa pangangalagang pangkalusugan, at kompanya ng insurance.
- Puwede kang magsumite ng nakasulat na pahayag sa amin na tungkol sa hindi pagsang-ayon sa pagtangga.



KAHILINGAN PARA SA PAG-AMYENDA NG PROTEKTADONG IMPORMASYONG PANGKALUSUGAN

- Puwede kang maghain ng reklamo sa PeaceHealth. Isumite ang reklamo sa Organization Integrity sa PeaceHealth, 1115 SE 164th Ave, Vancouver WA 98683-9324 o tumawag sa 877-261-8031.
- Puwede kang maghain ng reklamo sa Pederal na Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil (Federal Office for Civil Rights) sa 800-368-1019 o <https://www.hhs.gov/ocr/complaints/index.html>

Mapupunta sa pasyente ang pahinang ito – Huwag i-scan para sa rekord

Pangalan ng Pasyente _____
 Petsa ng Kapanganakan _____
 Address _____
 Lungsod, Estado, Zip _____
 Numero ng Telepono _____
 # ng Medikal na Rekord _____

**For PeaceHealth Office Use Only:
 Para sa Paggamit ng Tanggapan ng
 PeaceHealth Lang:**

Date Received: _____
 Received by: _____
 Date Completed: _____
 Extension Needed: Yes No

PAGLALARAWAN NG IMPORMASYONG PANGKALUSUGANG HINIHLING MONG AMYENDAHIIN.

Dapat kasama sa lahat ng kahilingan sa pag-amyenda ang petsa ng paggamot at partikular na impormasyong babaguhin. Kung posible, mangyaring ipaloob sa kahilingang ito ang mga kopya ng partikular na impormasyong aamyendahin.

Petsa ng Pagpapatingin/Serbisyo	Uri ng Dokumento (Tala ng pag-usad, tala ng Provider sa Emergency Department (ED), Eksaminasyon ng Kasaysayan at Katawan (History & Physical, H&P), Buod ng Pag-discharge, atbp.)	Pangalan ng Provider

Ano ang dahilan mo para sa kahilingang ito sa pag-amyenda: _____
 Mukhang hindi tumpak o hindi kompleto ang sumusunod na impormasyon: _____

Mangyaring ipaliwanag kung paano naging hindi tumpak o hindi kompleto ang inilagay. Ano ang dapat sabihin sa inilagay para maging mas tumpak o kompleto: _____



KAHILINGAN PARA SA PAG-AMYENDA NG
PROTEKTADONG IMPORMASYONG PANGKALUSUGAN

Nauunawaan kong puwede o puwedeng hindi dagdagan ng PeaceHealth ng addendum ang medikal na rekord batay sa aking kahilingan at hindi babaguhin o aalisin ang orihinal na dokumentasyon ng medikal na rekord anuman ang mangyari. Gagawing bahagi ng aking permanenteng medikal na rekord ang kahilingang ito para sa pag-amyenda at ipapadala ito bilang tugon sa anumang awtorisadong kahilingan para sa aking medikal na dokumentasyon.

Lagda ng Pasyente/Taong Awtorisadong Lumagda para Kaugnayan Petsa/Oras
sa Pasyente

(Kung lalagdaan ng personal na kinatawan, kailangang magbigay ng patunay ng awtoridad)

FOR PEACEHEALTH USE ONLY

PARA SA PAGGAMIT LANG NG PEACEHEALTH:

- | | | |
|--|----|---|
| <input type="checkbox"/> Amendment Accepted/Approved | OR | <input type="checkbox"/> Amendment Denied (check reason for denial) |
| <input type="checkbox"/> Partially Accepted/Denied | | <input type="checkbox"/> PHI is accurate and complete |
| <input type="checkbox"/> Addendum Created | | <input type="checkbox"/> PHI not created by this organization |
| | | <input type="checkbox"/> PHI is not available to the patient for inspection |

Provider Comments: _____

Provider Signature	Title	EHR User ID	Date	Time
--------------------	-------	-------------	------	------